

# 1

*WANTED: Piano Teacher and Mommy!*

Napangiti si Doreen nang mabasa ang sign board na iyon sa gate ng malaking bahay sa loob ng *Greenmeadows*. Kagagaling lang niya sa isang sales call sa loob ng subdivision. Nag-uumpisa pa lamang siya sa trabaho bilang sales representative ng malaking car dealer sa *Greenhills* at kailangan niya ng fifteen sales bago maging regular employee. Mahirap ang trabahong napasukan niya lalo pa at wala siyang masyadong kakilalang may-sinasabing tao.

Inayos niya ang sarili bago pinindot ang doorbell. Bumukas ang maliit na pintuan ng gate at iniluwa niyon ang unipormadong katulong. “Ano ’yon?”

“Mag-a-apply ako.” Itinuro niya ang karatula.

“Halika, tuloy ka.” Iginiya siya nito patungo sa loob ng bakuran. May nadaanan siyang fountain na napapaligiran ng magagandang halaman. Malinis at maluwang ang hardin at maganda ang landscape.

Pinapasok siya ng katulong sa loob ng bahay. Nakita niya isang batang babae na nagbabasa ng newspaper sa sala. Sa tantiya niya ay anim na taong gulang ito.

“Señorita Yvonne, may applicant ho,” anunsyo ng katulong sa bata.

“Sige, paupuin mo.” Ang cute-cute ni Yvonne na nakaupo sa sofa at nakataas pa ang mga paa sa center table. Naka-pajamas pa ito at halatang kagagaling lamang sa pagtulog.

Tumalikod na ang katulong matapos siyang paupuin sa sofa.

Nanatiling nasa newspaper ang mga mata ng bata.

“G-good morning.” Pinilit niyang ngumiti kahit kinakabahan siya. Pero bakit ba siya kakabahan? Bata lamang ang kaharap niya.

Ibinaba ni Yvonne ang diyaryo sa ibabaw ng center table, pagkuwa’y pinagmasdan siya mula ulo hanggang paa. Tumataas-taas ang mga munting kilay nito, nanunuri ang magagandang matang may mahahabang pilik habang kumukumpas-kumpas ang mga daliri sa ibabaw ng hita nito.

Nangangawit na ang mga labi niya sa kangingiti ay hindi pa ito nagsasalita. Ipinasya niyang magpakilala na. Hindi siya dapat mailang sa bata. Maganda siya, makinis ang kutis at matangos ang ilong. May dapat ba siyang ikahiya? At inulit niya sa kanyang isip, bata lamang ito. “I’m Doreen David. What’s your name?” nakangiti niyang bati.

“Didn’t you hear the maid call my name a little while ago?” mataray na tanong nito.

Natampal niya ang sariling noo. “Oh, yes, of course. You’re

Yvonne, right?”

Hindi ito tumugon.

“You have a beautiful name.”

“It was my mom who chose ito,” sabi nito. “What position are you applying for? Piano teacher or mommy?”

Hindi niya mapigilan ang sariling mapangiti. Kapag sinumpong siya ng kapilyahan, sasabihin niyang mag-a-apply siya bilang ‘mommy.’ Dagli niyang binura sa isip ang idea na iyon. Gusto niyang subukang mag-apply bilang piano teacher. Nakadalawang taon din siya sa *U.P. College of Music*. Hindi nga lamang niya iyon natapos dahil kinailangan na niyang magtrabaho at may sinusupportahan siyang dalawang kapatid sa college. Naisip niyang maski man lamang sa kaharap na bata ay mai-apply niya ang natutunan. Mas maganda na iyon kaysa maghapon siyang maghanap ng bibili ng kotse. Pati nga ang mga hindi kakilalang tao ay pinupuntahan na niya.

“Piano teacher,” tugon niya kapagdaka.

“Did you take up Music?”

“Yes. But I am an undergraduate.”

Sandaling nag-isip ang bata. “Can you play a piece now?”

Tumango siya.

“Go ahead.” Itinuro nito ang grand piano sa sala.

## *Magmamahal Pa Bang Muli? - Niña Cancila*

---

Atubiling tumayo siya at tahimik na umupo sa harapan ng piano. Nanginginig ang mga kamay na dahan-dahan niya iyong binuksan. Napangiti siya nang maalala ang lumang piano sa bahay nila na pinagsikapang bilhin ng kanyang ama nang magsimula siyang sumali sa recitals.

Tinugtog niya ang piece na kabisadung-kabisado niya, ang *Somewhere In Time*. Sumasabay ang katawan niya sa musika. Ipinikit niya ang mga mata kagaya ang karaniwang gawain kapag tumutugtog.

Sa una ay pormal si Yvonne. Subalit habang tumatagal ay napapasabay na rin ito sa dalaga. Malakas na palakpak ang pinakawalan nito nang matapos tumugtog ni Doreen. “That was great!”

“O-okay ba?” baling niya rito.

“One more!”

Nakita niyang sumigla ang mukha nito.

“I’ll recommend you to my dad, Miss Doreen.” Tumayo ito at sasayaw-sayaw na nagkuwento. “Alam mo ba, pang-ten ka na yata sa nag-apply dito as my piano teacher pero walang pumasa sa akin. Ang papangit nilang magtugtog. Ang babaduy!” Iiling-iling ito. “You’re very different from them... and I think I like you. Puwedeng isa pang tugtog?” Nakikiusap ang mga mata nito.

Nagkibit-balikat siya at muling humarap sa piano. Naupo

## *Magmamahal Pa Bang Muli? - Niña Cancila*

---

ito sa tabi niya at matamang pinagmasdan ang bawat galaw ng kanyang mga daliri habang tinutugtog niya ang isang composition ni Beethoven.

---

“Mamaya ka na umuwi,” pakiusap ni Yvonne.

Mag-a-alas-ocho na ng gabi. Nakahiga ang bata sa lap ni Doreen. Sa maghapon pagkakasama nila ay nakuha niya kaagad ang amor nito. Mahilig kasi siya sa bata kaya alam niya kung ano ang makakapagpasaya rito. Mahilig din siyang magkuwento ng fairy tales at mag-crack ng jokes.

“Darating na si Daddy; ipakikilala kita sa kanya. At saka gusto kong malaman kung okay ka na sa kanya. Ako’ng bahala sa ’yo. Malakas ako kay Daddy.” Tumingala ito sa kanya. “Handsome ang daddy ko,” anito, sabay ngiti.

“Oo, nakita ko sa picture,” nakangiti niyang sabi. Matagal na nga siyang nakamasid sa mga litrato sa ibabaw ng piano— mga litrato ni Yvonne kasama ang isang guwapo at makisig na lalaki. Wala siyang makita ni isang picture ng mommy ng bata. Nagtatataka man ay hindi na siya nag-usisa pa.

Napakislot siya nang marinig ang malakas na busina ng sasakyan.

“Nandiyan na si Daddy!” napabangong bulalas ni Yvonne.

Hindi niya alam kung bakit kinabahan siya. Bago pa siya

*Magmamahal Pa Bang Muli? - Niña Cancila*

---

nakapagsalita ay hila-hila na siya ng bata patungo sa front door.

Pinagbuksan ng gate ng katulong ang daddy ni Yvonne. Ilang sandali lamang ay pumapasok na ang magarang kotse sa garahe.

“Daddy!” kakaway-kaway na tawag ni Yvonne.

“Hi, Baby,” nakangiting bati ng lalaki. Nang mapagawi ang paningin kay Doreen ay kaagad na naglaho ang ngiti nito. Mabilis itong umibis ng kotse at kaagad na kinarga ang anak. Nilampasan siya nito.

“Hey, Dad, wait!” pigil ng bata. “I have found myself a piano teacher at last!” Mabilis itong kumawala mula sa pagkakakarga ng ama at hinila siya palapit dito. “This is Miss Doreen David, my new piano teacher.”

“H-hello.” Atubili siyang ngumiti.

Kumunot ang noo nito. Isang sulyap ang itinapon nito sa kanya at muli itong bumaling sa anak. Ni hindi man lamang siya nginitian nito.

“Daddy, aren’t you going to introduce yourself? Okay, I’ll do it. Miss Doreen, this is Vincent Gonzales, my daddy. You can call him ‘Vince.’”

“How are you, Vince?” Ngumiti na naman siya kahit naaantipatikuhan na siya rito.

“Call me ‘Sir,’” nakapamulsang tugon nito.

Tumaas ang isang kilay ni Yvonne nang tingalain nito ang ama. “Daddy—”

“C’mon, Baby, let’s go upstairs,” hila nito sa anak. “I bought a Dalmatian toy for you. Aren’t you excited to see it?”

“But, Daddy, what about Miss Doreen? Okay na ba siya? She’s a good pianist.”

“We have to talk about it first, Baby. C’mon now.”

“Bye, Miss Doreen,” lingon ni Yvonne sa kanya habang pumapanhik ito ng hagdan. “I’ll give you a call.” Hiningi na nito ang phone number niya.

Matagal-tagal din bago nakahuma ang dalaga. Napakasuplado ng daddy ni Yvonne! Mabilis siyang lumabas ng malaking bahay at nagtuluy-tuloy sa gate. *Magba-back out na ako!* desisyon niya. Hindi niya makakayang maging boss ang supladong iyon.

Nagpuputok ang butsenseng nilakad niya ang daan patungo sa main gate ng subdivision. *Bakit ba kasi ako napunta-punta dito?* sita niya sa sarili. Sayang, gusto pa naman niya si Yvonne.

---

“You’re becoming very hard-headed, Yvonne,” mariin ngunit mahinahong sabi ni Vince sa anak. “I told you, ako ang maghahanap ng piano teacher mo. At ano na namang kalokohan ang pumasok sa kukote mo para dugtungan ng ‘mommy’ ang karatula sa labas?”

## *Magmamahal Pa Bang Muli? - Niña Cancila*

---

“Yaya Mila was the one who wrote that,” nakatungong tugon nito habang nakadapa sa kama at pinaglalaruan ang bagong Dalmatian toy.

“Pero ikaw ang nag-utos sa kanya.”

“I’m sorry, Daddy.”

Madaling lumambot ang puso ni Vince kapag nagpapakumbaba na ang anak. Lumapit siya at naupo sa tabi nito. “I’ll look for the best piano teacher for you, Baby, okay? You go to bed now at may pasok ka pa bukas.”

“But, Daddy, I’ve found a piano teacher already.” Nakikiusap ang mga mata nito nang tumingala sa kanya. “Miss Doreen is a very good pianist; she’s mabait and she’s very pretty. I like her a lot.”

“Are you sure?”

Tumango ito.

Hindi niya kayang tanggihan ang request ng kaisa-isang anak. Mahal na mahal niya ito.

Mula nang umalis si Vida, ang ina ni Yvonne, si Vince na ang tumayong ina at ama ng bata. Head nurse si Vida sa States. Mas minahal pa nito ang trabaho kaysa sa kanilang mag-ama kaya pinili nito ang manirahan sa malayo. Mga bata pa sila nang magsama; wala pa sa hustong gulang. Nabuntis niya si Vida subalit walang kasalang naganap dahil ayaw pa ng babae.



## *Magmamahal Pa Bang Muli? - Niña Cancila*

---

Mahihirapan daw ang ama nitong nasa States na i-petition ito kapag nagkataon. Matagal din silang nagsama at nang lumaon ay nalaman nilang hindi sila nagkakasundo sa maraming bagay. Hanggang sa lumipad patungong States si Vida. Matalino ito, maganda at madiskarte. Hindi kataka-takang mapabilis ang pag-asenso nito.

Minsan ay umuwi ang babae subalit iyon ay para lamang magpaalam na magpapakasal na ito sa isang Filipino-American. Bumalik ito sa States at naiwan sa kanya si Yvonne—ang kanyang pinakamahalagang kayamanan.

---

Pagod na naupo si Doreen sa harap ng hapag-kainan. Tamang-tama ang dating niya, naghahain na ng hapunan ang kanyang ina. Wala pa ang ama niya na empleyado sa *Manila City Hall*. Tiyak niyang nag-overtime na naman ito.

“O, ano? Nakabenta ka?” tanong ni Aling Nida. “Nakumbinsi mo ba ’yung amo ng kapitbahay natin sa *Greenmeadows*?”

Umiling siya, sabay sapo sa noo. Sinusumpong na naman siya ng migraine. Madalas na mangyari iyon kapag pagod siya at tensyonado.

Tumunog ang telepono. Ang ina niya ang sumagot niyon. “Yvonne daw,” mayamaya ay sabi nito.

“Si Yvonne?” Mabilis niyang dinampot ang telepono.

“Hello?”

“Good evening, Miss Doreen.”

Hindi man nakikita ang mukha ng bata ay alam niyang nakangiti ito. “Napatawag ka?”

“Can you come back here tomorrow?”

“H-ha?”

“Pumayag na ang daddy ko na maging piano teacher kita. You should be here at exactly one o’clock kasi hanggang twelve ang pasok ko.”

“Pero, Yvonne—”

“Bye, Miss Doreen. I’ll see you tomorrow.” Ibinaba kaagad nito ang telepono.

Sunud-sunod na buntunghininga ang pinakawalan niya habang hinihintay ng ina ang kanyang sasabihin.

---

“I brought something for you.” Iniabot ni Doreen kay Yvonne ang dalang mga prutas. Kaiibis lang ng bata mula sa sasakyan, galing sa eskuwelahan.

“Oranges!” masayang bulalas nito. “Thank you, Miss Doreen. You’re so thoughtful.” Hinila siya nito patungo sa loob ng bahay. “Let’s start!”

“Masyado ka namang excited,” natatawang komento niya.  
“Ni hindi ka pa nga nakakapagbihis.”

“Later na lang.”

“Magagalit ang daddy mo, sige ka.”

“Malakas sa 'yo ang daddy ko, ha?” tudyong nito, sabay pakawala ng nanunuksong ngiti. “Do you think he's guwapo?”

Napangiti siya. Tatal ay wala naman si Vince kaya umamin na siya. Nakangiti siyang tumango.

“Hay naku! Hindi lang ikaw ang may sabi niyan,” maarteng patuloy nito. “Ang dami-dami nga riyang nagpapapansin kay Daddy, eh. Pero hindi niya pinapansin. Poor women.” Pumanhik ito ng hagdan. “I'll change clothes then we'll start, okay?”

“Okay,” iiling-iling niyang tugon. Sinundan niya ito ng tingin. *Napakabibong bata. Siguro maganda rin ang ina niya.*

Napasulyap siya sa litrato ni Vince sa ibabaw ng piano. Animo ay nakangiti ang mga mata nito. Sa litrato pa lang ay parang matutunaw na siya sa tingin nito. Hindi niya maikakaila sa sarili na napahanga siya sa gandang lalaki nito noong una niya itong makita. Dangan nga lamang at nagpakita ito ng kasupladuhan kaya nainis tuloy siya.

Ginulantang siya ng biglang pagtunog ng telepono. Walang ibang tao roon kundi siya kaya napilitan siyang sagutin iyon. “H-hello?”

“Mila, si Yvonne?”

Nabosesan niya si Vince. Nagpalinga-linga siya, wala ang mga katulong. Sinumpong siya ng kapilyahan. Parang isang magandang musika ang tinig ng lalaki. Hindi niya mapapalampas ang chance na makausap ito.

“Ay, Señorito!” Ginaya niya ang boses at pananalita ng katulong na siyang nagbukas sa kanya ng gate noon. “Nasa taas ho siya at nagbibihis. Kagagaling lamang niya sa school.”

“Nandiyan na ba ang piano teacher niya?”

“Ay, nandito na ho!”

“Bantayan mo si Yvonne. Wala akong tiwala sa babaeng ’yon. Sa panahon ngayon, ang hirap magtiwala sa mga hindi natin kilala. Baka may itinatagong kalokohan ’yan. Kung hindi nga lang ba mapilit si Yvonne ay hin—”

Dala ng matinding inis ay naibagsak niya ang telepono. Nagngingitngit sa galit na humalukipkip siya. Mayamaya ay muling nag-ring ang phone.

“Bakit mo ako binagsakan?” singhal ng lalaki.

“Naku! Pasensya na ho’t napindot ko kasi.”

“Yong bilin ko, ha.”

“Oho, Señorito.” Yamot na ibinaba niya ang telepono kahit hindi pa lubusang nakakapagpaalam si Vince. Bubulong-bulong

*Magmamahal Pa Bang Muli? - Niña Cancila*

---

na dinuru-duro niya ang litrato nito sa ibabaw ng piano.

---

Fast learner si Yvonne. At may natutunan na rin naman ang bata sa nauna nitong piano teachers kaya alam na nito ang basics.

Kung minsan ay bigla itong natatahimik. Naiisip ni Doreen na marahil ay naaalala nito ang ina. Unti-unti ay napapansin niyang nagigiliw sa kanya ang bata. Kinatutuwaan din naman niya ito.

Masaya nilang tinapos ang araw na iyon.

Pagdating ng late afternoon, hindi pumayag ang bata na hindi siya roon maghapunan.